Philippine Christian University
Graduate School of Education

# MODYUL SA FILIPINO PARA SA MGA MAG-AARAL NG ANTAS TERSIYARYA

Isang Tesis na Iniharap sa Kagawaran ng Paaralang Gradwado
Philippine Christian University

Bilang Pagtupad sa Pangangailangan sa Pagtatamo
ng Titulong Master sa Sining ng Edukasyon
Dalubhasa sa Filipino

ni:

ANGELICA Z. HONOR

Marso 2000

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

## ABSTRAK

Mananaliksik: Angelica Zamora Honor

Pamagat: Modyul sa Filipino para sa mga Mag-aaral ng Antas Tersiyarya

Paaralan: Philippine Christian University

Tagapayo: Dr. Gertrudes L. Villalon

Nakamit na Kurso: Master of Arts Major in Filipino

Petsa: Marso 2000

**I. Paglalahad ng Suliranin**

Ang mga sumusunod na suliranin ang magiging batayan ng mananaliksik sa pagbuo ng modyul sa pagbasa at pagsulat.

1. Gaano kasapat ang mga kagamitang panturo para sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat?
2. Ano ang disposisyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng modyul bilang kagamitang panturo?
3. Ano ang antas ng pangangailangang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat ang dapat linangin?

4. Ano ang angkop na disenyo ng silabus ayon sa mga natuklasang pangangailangan?
5. Ano ang angkop na modyul sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat?
6. Ano ang ebalwasyon ng mga sumusunod na kalahok sa pag-aaral tungkol sa kabisaan ng modyul batay sa :
    6.1 mga tagapagpatibay
    6.2 mga mag-aaral
7. Anu-ano ang mga rebisyon mula sa mga tagapagpatibay?
8. Paano natuklasan ang kabisaan ng ginawang modyul sa pagbasa at pagsulat?

**II. Buod**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang kakulangan ng mga kagamitang panturo; pagsusuri sa antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat na dapat linangin; pagbuo ng disenyo ng silabus batay sa natuklasang pangangailangan; pagbuo ng modyul; pagpapatibay ng mga dalubhasa sa pagsulat ng modyul; pagsasagawa ng mga rebisyon; pagsubok sa mga mag-aaral; pagbibigay ng ebalwasyon at pagtuklas sa kabisaan ng modyul bilang kagamitang panturo.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Ang mga sumusunod na hakbangin ang ginawa ng mananaliksik sa pag-aaral na ito:

1. Pagsusuri ng Pangangailangan
   a. Ang pagsasarbey sa mga mag-aaral tungkol sa kakulangan at kahigitan ng mga kagamitang panturo.
   b. Ang pakikipanayam sa mga guro tungkol sa mga suliraning nararanasan sa pagtuturo ng asignaturang *Pagbasa at Pagsulat sa Akademikong Pangangailangan* at ang pagsasarbey tungkol sa antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat na dapat linangin.
2. Pagbuo ng disenyo ng silabus batay sa mga natuklasang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat.
3. Pagbuo ng modyul bilang kagamitang panturo na makatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat.
4. Ang pagpapatibay ng dalawang dalubhasa sa pagsulat ng modyul at ang pagsasagawa ng rebisyon upang lubos na matamo ang kaayusan nito.
5. Ang pagbuo, pagtaya, balidasyon at pagbibigay ng pagsusulit (pre-test) sa dalawang grupo ng mga mag-aaral.
6. Ang pagsubok sa modyul at ang pagbibigay ng ebalwasyon ng mga mag-aaral upang malaman kung nalinang ang mga natuklasang pangangailangan sa pagbasa at pagsulat.

7. Ang pagbibigay ng pagsusulit (posttest) pagkatapos gamitin ang modyul.

## III. Mga Natuklasan sa Pag-aaral

1. Ayon sa pagsusuring ginawa, natuklasan ang mga sumusunod na pangangailangan:

a. Hindi sapat ang mga kagamitang panturo sa pagbasa at pagsulat.

b. Ang antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat na dapat linangin ay ang pagtatala ng mga detalye, pagkuha ng pangunahing kaisipan, pagbuo ng hinuha, pagbibigay ng interpretasyon, pagpapakahulugan, pagpapalawak ng talasalitaan,. paglalahat, paglalahad, pagbabalangkas, pagbuo ng kahihinatnan, paglalarawan at paglalagom.

2. Ang disenyo ng silabus ay angkop sa mga natuklasang pangangailangan.

3. Ang binuong modyul ay nakatulong sa paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

4. Natamo ang ganap na kahusayan ng modyul dahil sa balidasyon ng mga dalubhasa sa pagsulat nito.

5. Ang ibinigay na *pre-test* sa grupong eksperimental at grupong kontrolado ay nagpakita ng kaibahan ng iskor sa *posttest* na ibinigay.

6. Ang pagsubok at ebalwasyon ng mga mag-aaral sa ginamit na modyul ay lubos na nakatulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat.

7. Ang resulta ng ibinigay ng *posttest* ay nagpatunay na mabisa ang modyul sa paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

## IV. Kongklusyon

Batay sa ginawang pagsusuri, ang mga sumusunod ang naging kongklusyon ng mananaliksik:

1. Ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang panturo ay lubos na makatutulong sa mga mag-aaral sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat.
2. Ang mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat ay malilinang kung matutukoy at masusuri ang antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral.
3. Ang disenyo ng silabus ay naging gabay sa pagbuo ng modyul na nakatulong sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat.
4. Ang balidasyon ng mga tagapagpatibay sa binuong modyul ay lubos na nakatulong upang higit na matamo ang kaayusan nito.
5. Ang resulta ng *pre-test* ay higit na mababa kaysa sa resulta ng ibinigay na *posttest.*
6. Ang paggamit ng modyul bilang kagamitang panturo ay naging daan upang lubos na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat.
7. Ang resulta ng *posttest* ay higit na mataas kaysa sa resulta ng ibinigay na *pre-test.* Ito ay nagpatunay na ang modyul ay mabisang kagamitan sa paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

## V. Rekomendasyon

Batay sa mga kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Ang modyul ay dapat gamitin sa malawakan at makatotohanang pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat.
2. Ang isang guro ay makapagpapalawak ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng modyul.
3. Ang modyul ay gamitin hindi lamang sa isang partikular na unibersidad kundi sa iba pang unibersidad upang makatulong sa pagpapaunlad ng mga kagamitang panturo sa larangan ng edukasyon.
4. Maaari ding gamitin ang modyul bilang gabay ng ibang mananaliksik na nagnanais na bumuo ng modyul.
5. Bumuo ng modyul sa Filipino hindi lamang sa *Pagbasa at Pagsulat sa Akademikong Pangangailangan* kundi maging sa *Sining ng Komunikasyon, Retorika at Panitikan.*

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas, Dasmariñas, Cavite, Philippines
Since 1977

# TALAAN NG NILALAMAN

Pahina

Pamagat na Pahina . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ii

Pagpapatibay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

Pasasalamat . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iv

Paghahandog . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

Abstrak . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vii

**KABANATA I ANG SULIRANIN AT ANG SANDIGAN NITO**

Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Batayang Konseptwal . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7

Haypotesis . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8

Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . . 9

Katuturan ng mga Katawagan . . . . . . . . . . . . . . . . 9

**KABANATA II MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL**

Mga Kaugnay na Literatura . . . . . . . . . . . . . . . . . . 11

Mga Kaugnay na Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . . . 20

Sintesis . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 22

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

KABANATA III PAMAMARAAN NG PAG-AARAL

Disenyo ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Mga Kalahok sa Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 26

Balidasyon ng mga Instrumentong Ginamit . . . . . . . 26

Mga Instrumentong Ginamit Sa Paglilikom
ng mga Datos . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 27

Pamamaraan ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . . . . 28

Istatistikong Ginamit sa Pagsusuri
ng mga Datos. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 33

KABANATA IV PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA DATOS . . 36

KABANATA V BUOD, NATUKLASAN SA PAG-AARAL, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Buod . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 150

Mga Natuklasan sa Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . 151

Kongklusyon. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 152

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 153

MGA TALASANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 155

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER

**MGA DAHONG DAGDAG**

A. Liham . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 159

B. Mga Talatanungan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 160

C. *Pre/Posttest* sa Pagbasa at Pagsulat sa Akademikong Pangangailangan . . . . . . . . . . . . 165

D. Mga Sertipikasyon. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 169

**MAIKLING TALA SA BUHAY NG MAY-AKDA** . . . . . . . . . . . . . . . 174

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**Philippine Christian University**
Graduate School of Education

# TALAAN NG TALAHANAYAN


| TALAHANAYAN | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Talahanayan ng Ispesipikasyon para sa Pagbasa at Pagsulat | 31 |
| 2 | Sarbey sa Kakulangan at Kahigitan ng Mga Kagamitang Panturo | 37 |
| 3 | Desisyon ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Modyul Bilang Kagamitang Panturo | 39 |
| 4 | Antas ng Pangangailangan ng mga Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat | 41 |
| 5 | Ang layunin ng aralin ay tumutukoy sa pangangailangan ng mga mag-aaral | 120 |
| 6 | Sapat ang itinakdang oras sa pagtalakay ng mga aralin | 121 |
| 7 | Ang motibasyon ng guro ay nakatulong upang makuha ang interes ng mga mag-aaral | 122 |
| 8 | May kinalaman sa asignatura ang nilalaman ng aralin | 123 |
| 9 | Ang mga panuto at aralin ay Madaling maunawaan | 124 |
| 10 | May kaugnayan ang leksyon sa tunay na buhay sa kasalukuyan | 125 |
| 11 | Angkop ang seleksyon/aralin sa gulang, Interes at kakayahan ng mga mag-aaral | 126 |
| 12 | Ang mga pagsasanay na inihanda ay tumutugon sa mga layunin ng aralin | 127 |

| | | |
|---|---|---|
| 13 | Angkop ang mga pagsusulit na inilahad sa aralin | 128 |
| 14 | Makatutulong ang mga takdang-aralin sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa aralin | 129 |
| 15 | Ang layunin ng aralin ay tumutukoy sa pangangailangan ng mga mag-aaral | 131 |
| 16 | May kinalaman sa asignatura ang nilalaman ng aralin | 132 |
| 17 | Ang kahulugan ng mga salitang nilinang ay madaling maunawaan | 133 |
| 18 | Malinaw at maayos ang paglalahad ng aralin | 134 |
| 19 | May kaugnayan ang leksyon sa tunay na buhay sa kasalukuyan | 135 |
| 20 | Ang motibasyon ng guro ay nakatulong upang makuha ang interes ng mga mag-aaral | 136 |
| 21 | Angkop ang seleksyon o aralin sa gulang,interes at kakayahan ng mga mag-aaral | 137 |
| 22 | Ang pamamaraang ginamit ng guro ay naging epektibo upang lubos na maunawaan ang aralin | 138 |
| 23 | Sapat ang itinakdang oras sa pagtalakay ng aralin | 139 |
| 24 | Epektibo ang pagtalakay at pagsasanay na inilahad | 140 |
| 25 | Buod ng t-test ng Grupong Eksperimental Laban sa Kontroladong Grupo | 147 |
| 26 | Paired t-test sa Pagitan ng Mean Score ng Pre-test at Posttest ng Grupong Eksperimental | 149 |